© The State of Queensland (Queensland Health) 2021
Except as permitted under the *Copyright Act 1968*, no part of this work may be reproduced communicated or adapted without permission from Queensland Health
To request permission email: ip_officer@health.qld.gov.au

Queensland Government

# Consent (Filipino) - Pahintulot

Adult (18 years and over)

Facility: ............................................................

(Affix identification label here)

URN:

Family name:

Given name(s):

Address:

Date of birth: Sex: ☐ M ☐ F ☐ I

## A. May kakayahan ba ang pasyente?

☐ Oo ➔ ***PUMUNTA SA** section B*

☐ Hindi ➔ ***KUMPLETUHIN ANG** section A*

Kailangan mong sumunod sa Maagang Pangkalusugang Direktiba (Advance Health Directive AHD), o kung walang AHD, ang pahintulot mula sa pamalit na tagapagpasya sa sumusunod na kaayusan: Kategorya 1. Tagapag- alaga na hinirang ng husgado; Kategorya 2. Matatag na Kapangyarihan ng Abogado; Kategorya 3. Itinakdang Abogadong Pangkalusugan

Pangalan ng pamalit na tagapagpasya:

Kategorya ng pamalit na tagapagpasya:

## B. Kailangan ba ng interpreter?

Kung oo, ang interpreter ay:

☐ nakapagbigay ng tiningnang salin ng kasulatang may kaalamang pahintulot (informed consent) sa personal

☐ naisalin ang kaalamang pahintulot sa telepono

Pangalan ng interpreter:

Code ng interpreter: Wika:

## C. Ang pasyente/pamalit na tagapagpasya ay humihiling ng sumusunod na mga 'procedure'

Titulo ng 'Procedure':

Ito ba ay isang maselang procedure (intimate procedure)?

☐ Oo (*kumpletuhin ang tanong sa seksyon H*) ☐ Hindi

## D. Mga panganib na partikular sa pasyente na magkakaroon ng 'procedure'

*(Ang doktor/clinician ang magdodokumento sa patlang ng karagdagang mga peligro na hindi kasama sa information sheet ng pasyente):*

## E. Mga panganib na partikular sa pasyente na hindi magkakaroon ng 'procedure'

*(Ang doktor/clinician ang mag dodokumento ng mga particular na peligro ng hindi pagsasailalim sa 'procedure'):*

DO NOT WRITE IN THIS BINDING MARGIN

CONSENT

v10.00 [Translated: 2022]
Clinical content review: 2018
Clinical check: 01/2021
Published: 04/2021

SW9436

Queensland Government

# Consent (Filipino) - Pahintulot

Adult (18 years and over)

(Affix identification label here)

URN:

Family name:

Given name(s):

Address:

Date of birth: Sex: ☐ M ☐ F ☐ I

© The State of Queensland (Queensland Health) 2021
Except as permitted under the *Copyright Act 1968*, no part of this work may be reproduced communicated or adapted without permission from Queensland Health
To request permission email: ip_officer@health.qld.gov.au

DO NOT WRITE IN THIS BINDING MARGIN

## F. Mapagpipiliang mga alternatibong gamutan

*(Ang doktor/clinician ang magdodokumento ng alternatibong gamutan na hindi kasama sa information sheet ng pasyente):*

## G. Impormasyon para sa doctor/clinician

Ang impormasyon sa pahintulot na kasulatang ito ay hindi nilalayon na maging pamalit sa direktang pag-uusap sa pagitan ng doktor/clinician at ng pasyente/pamalit na tagapagpasya.

Ipinaliwanag ko sa pasyente/pamalit na tagapagpasya ang nilalaman ng kasulatang ito at sa palagay ko ay naintindihan ang impormasyon.

Pangalan ng doktor/clinician:

Titulo:

Lagda: Petsa:

## H. Pahintulot ng pasyente/pamalit na tapapagpasya

Kinikilala ko na naipaliwanag ng doktor/clinician:

- ang information sheet ng pasyente
- sa kondisyong medikal at iminungkahing gamutan, kabilang ang posibilidad ng karagdagang gamutan
- mga tiyak na peligro at benepisyo ng 'procedure'
- ang pagbabala, at mga peligro ng hindi pagkakaroon ng 'procedure'
- alternatibong pagpipilian ng gamutan
- na walang kasiguraduhan na mapapabuti ng 'procedure' ang medikal na kondisyon
- na ang 'procedure' ay maaaring mangailangan ng pagsalin ng dugo
- na maaaring magtanggal ng tisyu/dugo at magamit ito sa pagsusuri/ pamamahala ng kondisyon
- na kung may mangyayaring banta sa buhay habang isinasagawa ang 'procedure'/ gamutan /imbestigasyon/ eksaminasyon, ako ay gagamutin ayon sa mga dokumentadong pag-uusap (e.g. AHD o ARP [Acute Resuscitation Plan])
- na ang doktor/clinician maliban sa consultant/specialist ay maaaring tumulong/magsagawa ng tamang klinikal na 'procedure'/gamutan/imbestigasyon/eksaminasyon; ito ay maaari ding samahan ng karagdagang pasasanay ng doktor/ clinician sa ilalim ng pangangasiwa
- na kung gugustuhin ng doktor/clinician na mag-rekord ng video habang isinasagawa ang 'procedure' kung saan hindi kasama ang pagbi- video bilang bahagi ng gamutan (halimbawa, para sa pagsasanay o pananaliksik), ako ay hihingan na pumirma ng hiwalay na kasulatan para sa pahintulot. Kung hindi ako pumayag, hindi ito makakaapekto nang masama sa aking pag-access, mga kalalabasan o mga karapatan sa gamutang medikal sa anumang paraan.

Ako ay nakapagtanong at nakapagsabi ng aking mga pag-aalala sa doktor/clinician.

Nauunawaan ko na mayroon akong karapatang magbago ng isip hinggil sa pahintulot sa anumang oras, kasama na ang pagpirma sa kasulatang ito (*ito ay dapat na may konsultasyon sa doktor/clinician*).

**Ako/pamalit na tagapagpasya ay nakatanggap ng mga sumusunod na pahintulot at information sheet ng pasyente:**

☐ Titulo ng 'Procedure':

☐ "Tungkol sa iyong Anestisya"

☐ "Sariwang dugo at pagsalin ng produkto ng dugo"

Batay sa mga pahayag sa itaas,

1) **Ako/pamalit na tagapagpasya ay nagbibigay ng pahintulot sa 'procedure'.**

   Pangalan ng pasyente/pamalit na tagapagpasya:

   Lagda: Petsa:

2) **Eksaminasyon ng mag-aaral /'procedure' para sa propesyunal na layuning pagsasanay:**

   Para sa layuning magsagawa ng pagsasanay, ang klinikal na mga mag-aaral ay maaaring magmasid sa mga eksaminasyong medikal o mga 'procedure' at maaari rin, ayon sa pasyente/pamalit na tagapagpasya, tumulong sa/magsagawa ng eksaminasyon o 'procedure' sa isang pasyente habang ang pasyente ay nasa sa ilalim ng anestisya.

   Ako/pamalit na tagapagpasya ay nagbibigay ng pahintulot sa (mga) klinikal na mag-aaral na nagsasagawa ng pagsasanay para:

   - magmasid ng mga eksaminasyon/ mga 'procedure' ☐ Yes ☐ No
   - tumulong sa mga eksaminasyon/ mga 'procedure' ☐ Yes ☐ No
   - magsagawa ng mga eksaminasyon/ 'procedure' ☐ Yes ☐ No

**Isang kopya ng kasulatang ito ay dapat ibigay sa pasyente/pamalit na tagapagpasya upang mabasa nang maingat at mabigyan ng oras na magtanong hinggil sa 'procedure'. Ang pahintulot na kasulatang ito at ang information sheet ng pasyente ay dapat isama sa medikal na rekord ng pasyente.**

## 1. Ano ang 'procedure' at paano ito makakatulong sa akin/sa pasyente?

## 2. Ano ang mga peligro?

Mayroong mga peligro at kumplikasyon sa 'procedure' na ito. Mayroon ding mga peligro partikular sa bawat kundisyon ng pasyente at mga sirkumstansya. Pakitalakay ang mga ito sa doktor/clinician at siguraduhin na ang mga ito ay nakasulat sa kasulatang pahintulot bago ito pirmahan. Ang mga kasamang peligro ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

**Karaniwang mga peligro at kumplikasyon**

*(nauugnay na mga peligro sa procedure)*

- mga impeksyon na maaaring lumabas, na mangangailangan ng antibiotics at karagdagang gamutan
- maaaring mangyari ang pagdurugo at maaaring mangailangan na ibalik sa operating room. Ang pagdurugo ay maaaring humantong sa pagsasalin ng dugo
- ang pagdurugo ay karaniwan sa mga umiinom ng mga pampalabnaw ng dugo, tulad ng warfarin, aspirin, clopidogrel (Plavix,Iscover, Coplavix), prasugrel (Effient), dipyridamole (Persantin o Asasantin), ticagrelor (Brilinta), apixaban (Eliquis), dabigatran (Pradaxa),

rivaroxaban ( Xarelto) o pantulong/ alternatibong mga gamot tulad ng langis ng isda at turmeric.
- ang maliliit na bahagi sa baga ay maaaring bumigay, na maaring magpataas ng peligro sa impeksyon sa dibdib. Ito ay maaaring mangailangan ng antibiotics at physiotherapy
- karagdagang peligro ng impeksyon ng sugat, impeksyon sa dibdib, kumplikasyon sa puso at baga at pamumuo ng dugo sa binti o baga para sa mga taong sobrang taba at/o naninigarilyo.

**Di karaniwang mga peligro at mga kumplikasyon**

*(angkop na mga peligro kaugnay sa 'procedure')*

**Bihirang mga peligro at kumplikasyon**

*(angkop na mga peligro kaugnay sa 'procedure')*

- maaaring mangyari ang atake sa puso o stroke dulot ng puwersa sa puso
- pamumuo ng dugo sa binti na magdudulot ng pananakit at pamamaga. Sa madalang na mga kaso, ang bahagi ng pamumuo ay maaaring maghiwalay at mapunta sa baga
- ang pagkamatay bilang resulta ng 'procedure' ay madalang.

## Anestisya

Ang 'procedure':

☐ ay mangangailangan ng anestisya

☐ maaaring mangangailangan ng anestisya

☐ hindi mangangailangan ng anestisya

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa anestisya at mga peligrong kasama nito, mangyaring sumangguni sa 'anaesthetic information sheet' na ibinigay sa iyo. Talakayin ang mga pag-aalala sa doktor/ clinician.

Kung hindi ka pa nabigyan ng 'information sheet' hinggil sa anestisya, mangyaring humingi lamang.

## Anu-ano ang mga peligro kung hindi magkakaroon ng 'procedure'?

Maaaring magkaroon ng mga kahihinatnan kung hindi mo pipiliin ang iminungkahing 'procedure'/gamutan/imbestigasyon/ eksaminasyon. Mangyaring talakayin ang mga ito sa doktor/clinician.

Kung iyong pipiliin na hindi gamitin ang 'procedure', hindi mo na kailangang pumirma sa kasulatan ng pahintulot.

Kung nakapirma ka na sa kasulatan ng pahintulot, mayroon kang karapatan na magbago ng isip anumang oras bago gawin ang 'procedure'/gamutan/imbestigasyon. Mangyaring kontakin ang doktor/clinician para talakayin.

## 3. Mayroon bang mga alternatibo?

Ang paggawa ng desisyon para sa procedure na ito ay nangangailangan na maintindihan ng pasyente/pamalit na tagapagpasya ang mga nakalaang mapagpipilian. Mangyaring talakayin ang anumang alternatibong gamutan na mapagpipilian sa iyong doktor/ clinician bago pumirma sa kasulatan ng pahintulot.

## 4. Ano ang aking maasahan pagkatapos ng 'procedure'?

Ang iyong pangkat sa pangangalaga ng kalusugan (healthcare team) ang kakausap sa iyo sa kung ano ang aasahan mo pagkatapos ng 'procedure' at pagkalabas mo sa ospital.

## 5. Sino ang magsasagawa ng 'procedure'?

Ang doktor/clinician liban sa consultant/specialist ay maaaring tumulong sa pagsagawa ng angkop na klinikal na 'procedure'/gamutan/imbestigasyon/eksaminasyon. Ito ay maaaring doktor/clinician na sumasailalim ng karagdagang pagsasanay, subalit lahat ng mga nagsasanay ay pinapangasiwaan batay sa angkop na mga propesyonal na patnubay.

Kung mayroon kang ilang pag-aalala tungkol sa sinong dokor/clinician ang magsasagawa ng 'procedure', pakitalakay ito sa doktor/clinician.

Para sa layuning pumailalim sa propesyonal na pagsasanay sa ospital ng pagtuturo, ang mga klinikal na mga mag-aaral ay maaaring magmasid sa mga medikal na eksaminasyon o 'procedure' at maaari rin ayon sa iyong pahintulot, tumulong sa pagsasagawa ng eksaminasyon o 'procedure' sa pasyente habang ang pasyente ay naka anestisya.

Kung iyong pipiliin na huwag magbigay ng pahintulot, ito ay hindi makakaapekto ng masama sa iyong paggamit, kahihinatnan o karapatan sa gamutang medikal sa anumang paraan. Ikaw ay hindi obligado na magpahintulot sa eksaminasyon o 'procedure' na isinasagawa ng mga klinikal na mag-aaral para sa layuning pagsasanay.

## 6. Saan ako makakakuha ng suporta o karagdagang impormasyon?

Pangangalaga sa ospital: bago, kasalukuyan at pagkatapos ay makukuha sa website ng Queensland Health www.qld.gov.au/health/services/hospital-care/before-after na kung saan ay mababasa mo ang iyong mga karapatang pangkalusugan.

Makikita mo rin ang listahan ng mga gamot na pampalabnaw ng dugo sa www.health.qld.gov.au/consent/bloodthinner.

May mga kawani na tutulong sa pangkultura at pang-ispiritwal na pangangailan ng pasyente. Kung nais mo ng pangkultura o pang-ispiritwal na tulong, pakitalakay ito sa doktor/clinician.

Kinikilala ng Queensland Health na ang mga Aboriginal at Torres Strait Islander na mga pasyente ay makakaranas ng pinakamahusay na pangangalagang klinikal kung saan ang kanilang kultura ay kasama at bahagi sa paggawa ng desisyon

## 7. Mga tanong

Pakitanong ang doktor/clinician kung mayroon kang hindi maintindihan sa anumang aspeto ng information sheet ng pasyente o kung mayroon kang ibang katanungan tungkol sa iyo/medikal na kondisyon ng pasyente, pagpipiliang paraan ng paggamot at ang iminungkahing 'procedure'/gamutan/imbestigasyon/eksaminasyon.

## 8. Kontakin kami

**Kung emergency, tumawag sa Triple Zero (000).**

Kung hindi naman emergency, ngunit mayroon kang pag-aalala, tumawag sa 13 HEALTH (13 43 25 84) 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

© The State of Queensland (Queensland Health) 2021. Except as permitted under the *Copyright Act 1968*, no part of this work may be reproduced communicated or adapted without permission from Queensland Health. To request permission email: ip_officer@health.qld.gov.au